

RECEIVED
NCIP

PROVINCIAL OFFICE

Oriental Mindoro

Date 27 MAY 21

By [Signature]

DENR-MIMAROPA REGION	
PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURE RESOURCES OFFICE	
ORIENTAL MINDORO	
CENRO TRAINING NO.	
RECEIVED BY:	
DATE:	
TIME:	

Barangay Baclayan

Maria Lourdes Ferrer
Regional Executive Director
DENR MIMAROPA

Dahil dito kaming mga lider ng tribong Iraya ay nagkasundo na si Ginoong Anastacio Santos ng CENRO opisyal ng CENRO Socorro ay aming pinapawalang bisa/ petisyon dito sa Oriental Mindoro dahil sa kayang masamang pag-uugali at di tamang pagtrato sa mga mangyan.

Ito po ay may kinalaman sa hinding magandang asal na ipinakita at ipinamalas sa amin ng isang ninyong opisyal dito sa aming lugar. Ang amin pong tinutukoy ay si CENRO Anastacio Santos ng CENRO-Socorro.

Sapagkat, noong Abril 29, 2021 ay isang pagpupulong an gaming hiniling sa DENR upang maliwanagan kami sa usapin ng NGP sa aming nasasakupan ngayong taong 2021. Amin pong napag-alaman na may 8 kontrata ng nasabing proyekto ang napapaloob sa aming barangay ngunit ito pala ay hindi sa aming kabarangay maibibigay sapagkat ayon sa DENR ay may mga tao na silang pagkakalooban ng kontrata na aming napag-alaman na mga residente ng Barangay Villafior ng bayang ito. Dahil dito kami ay nagsagawa ng pagpupulong kasama na ang NCIP, Tribal leaders, Konseho ng Barangay Baclayan at DENR upang maipaliwanag sa amin kung bakit nagyayari na wala naming konsultasyon ay nagpasya na sila at pumill na ang mga taong hahawak ng kontrata na hindi naman nakatira sa aming Barangay. Amin po kasing nagpag-alaman na isa sa mga dokumento na kakailanganin ay ang Setipikasyon ng Punong Barangay na ang mgakotraktor ay mga aktuwal na residente ng barangay na nakakasakop sa lugar. Ang nangyayari pong ito ay malainaw na pag labag na hindi dapat magkaroon ng karapatan ang sinumang tao na pumasok. At ito po ang isang dahilang kung bakit kami nagpatawag ng pagpupulong upang maipaliwanag sa amin ang lahat ng mga isyu sa proyekto.

An gaming inaasahang magandang daloy ng pagpupulong ay hindi natupad sapagkat sa simula pa lamang ay mataas baa ng tono ng mga salita ni CENRO Santos. Kanyang pinagpipilitan na mas may karapatan ang taga Villafior na siyang humahawak sa kontrata dahil sila daw ang mga aktuwal na nakaposisyon sa lupa bagamat hindi naman sila lehitimong nakatira sa aming barangay. May mga pagkakataong gustong magsalita ng aming mga kasamahan pero pinapatigil nya at ang gusto lamang siyang sabihin ang sumusunod: Mabigat an gaming kalooban na tanggapin na sarado ang kanyang pag-iisip sa kanya lamang pinaniniwalaan at nalalaman sapagkat nagagalit siya at tumataas ang boses pag may pagkakataong ipinagtatangol naming an gaming karapatan sa lugar. Dagdag pa niya sa kanyang sinabi na kapag pinutahan ang lugar at napatunayan na ang walong taga Barangay Villafior ang mga aktuwal na nakaposisyon ay nararapat lang na sa kanila ibigay ang kontrata ngunit kung sakaling hindi mapapatunayan na hindi pala ang mga taong iyon ang nakaposisyon ay hindi pa rin niya ibibigay ang kontrata sa aming mga taga Barangay. Nangangahulugan na balewala pala ang pagpupulong sapagkat wala rin naman palang maasahang proyekto ang aming taga barangay kahit pa sinasabing ito ay nasa aming nasasakupan. At ito po ang naging palaisipan sa amin kung bakit ganoon na lamang ang kanyang kagustuhan na saw along taga ibang barangay na ibigay ang kontrata.

Naging mas tensyonado ang pagpupulong nang kanyang ipahiya sa harap ng mga katutubo at ng iba pang mga panauhin na kanyang sigawan ang Provincial Officer ng NCIP na si Ginoong Luna dahilan lamang sa kanyang hindi pagsang-ayon sa usapin ng FPIC. Hindi po ba nararapat na ang isang panauhin na mismong CENRO ang nag-imbiba ay bigyan ng galang sa pagbibigay ng kuro kuro at pananaw? Kung may pagkakaiba man po sa ating mga pananaw nararapat na magbigay galang sa kanilang mga opinyon.

Hindi rin po nakaligtas sa matalas na mg salita ni CENRO Santos an gaming mga kasamang katutubo na kanyang kinutya sa kanyang mga pangaral at binantaan pa na kakasuhan ng "libelo" dahilan lamang